# Ang ginagampanang papel ng isang OPA guardian (Role of an OPA guardian)

## Ang Pampublikong Tagataguyod (Public Advocate) ay guardian para sa isang miyembro ng inyong pamilya

**Hinirang** ng VCAT ang Public Advocate na maging guardian para sa isang miyembro ng inyong pamilya (o kaibigan). Ang hinirang ay nangangahulugang ang VCAT ang pumili sa Public Advocate.

Tutulong ang guardian sa miyembro ng inyong pamilya sa mga pagpapasya. Ang mga pagpapasya ay nangangahulugang mga pagpili. Halimbawa, mga pagpili kung saan maninirahan ang miyembro ng inyong pamilya, sino ang maaaring dumalaw sa kanya, anong mga serbisyo ang kailangan niya. Kung hindi niya mapagpasyahan ang mga ito, ang guardian ang magpapasya para sa kanya.

## OPA guardian

Ang tawag sa amin ay **Tanggapan ng Pampublikong Tagataguyod (Office of the Public Advocate)**. Sa papel-kaalamang ito, ang tawag namin sa aming mga sarili ay OPA.

Isang taong nagtatrabaho sa OPA ang magiging guardian para sa miyembro ng inyong pamilya.

Ang gagawin ng guardian na nasa OPA ay:

- tulungan ang miyembro ng inyong pamilya na gumawa ng sarili niyang mga desisyon, kung may makakatulong sa kanyang pagdedesisyon
- mga pagdedesisyon para sa miyembro ng inyong pamilya kung hindi niya magagawa ang mga pagpapasiya
- tulungang maprotektahan ang miyembro ng inyong pamilya na hindi maabuso
- maging tapat at masigasig sa pagtatrabaho
- maging maingat kapag ginagampanan ang kanyang trabaho
- pananatilihing pribado ang impormasyon ng miyembro ng inyong pamilya
- tiyakin na wala siyang **salungat na interes**.
  Ibig sabihin nito ay hindi maaapektuhan ng kanyang pansariling interes ang mga desisyong gagawin niya para sa miyembro ng inyong pamilya.

# Paggawa ng Desisyon

Kapag magpapasya, ang guardian ay:

- magtse-tsek muna sa VCAT kung pinapayagan siyang gumawa ng desisyon
- hihikayatin ang miyembro ng inyong pamilya na makibahagi sa paggawa ng desisyon
- hihikayatin ang kamiyembro ng inyong pamilya na sabihin kung anuman ang gusto niyang iparating
- susubukang gawin ang desisyong gusto ng miyembro ng inyong pamilya maliban na lang kung siya ay sukdulang masasaktan nito sa alinmang paraan.

Kung hindi malalaman ng guardian kung ano ang gustong mangyari ng miyembro ng inyong pamilya, susubukan niyang gumawa ng desisyon na makakatulong sa kanyang maging malusog at masaya. Iisipin niya ang mga mahahalagang bagay para sa buhay ng miyembro ng inyong pamilya. Halimbawa, ang kanyang mga kaibigan at pamilya, kanyang komunidad at ang wika na kanyang sinasalita.

**Para sa karagdagang impormasyon**
Tawagan ang OPA sa 1300 309 337.
Kung kailangan mo ng taga-interprete, sabihin sa amin kapag tumawag kayo.

Filipino

Interpreter